# Alituntunin sa Pagpapahiram ng Tablet Computer sa Elementarya at Sekondarya
# 可児市立小中学校学習者用タブレット貸与規程

(Layunin)

Artikulo 1 Ang mga palatuntunin na ito ay upang matukoy ang mahahalagang bagay sa pagpapahiram ng tablet computer sa mga mag-aaral ng elementarya at sekondarya sa Lungsod ng Kani.

(Kahulugan)

Artikulo 2　Ang "Learner Tablet" ay isang uri ng terminal information tablet na may settings at security upang magamit bilang materyales sa pagtuturo.

(Mga gamit na ipapahiram)

Artikulo 3　Ang mga gamit na ipapahiram alinsunod sa palatuntuning ito (nakasaad bilang "Mga gamit na ipapahiram" sa ibaba) ay ang tablet at ang mga accessories nito.

(Taong pahihiramin)

Artikulo 4　Ang maaaring humiram ng mga nasabing gamit ay ang mag-aaral ng elementarya o sekondarya sa Lungsod ng Kani.

(Pamamahala)

Artikulo 5　Ang punong-guro ng elementarya at sekondaya (nakasaad bilang "Punong-guro" sa ibaba) ay ang taong mamamahala sa tablet ledger upang palaging makumpirma ang eksaktong lokasyon ng mga pinapahiram na tablet.

2　Ilalathala ng punong-guro ang anumang pagbabago ng pinapahiram na tablet computer sa tablet ledger.

(Panahon ng pagpapahiram)

Artikulo 6 Ang panahon ng pagpapahiram ay simula sa napagpasyahang itinalagang araw ng punong-guro hanggang sa araw bago ang pagtatapos (nakasaad bilang "Petsa ng Pagtapos ng Pagpapahiram").

(Mga bayarin sa pagpapahiram)

Artikulo 7 Walang bayad ang mga ipapahiram na gamit.

(Mga Kondisyon sa Pagpapahiram)

Artikulo 8 Ang tagahiram ay kailangan magsumite sa punong-guro ng aplikasyon at pagsang-ayon sa paghiram (unang form).

2　Kung natanggap ng punong-guro ang aplikasyon at pagsang-ayon sa paghiram na nakasaad sa unang talata, susuriin ito at kung nararapat, magpapasya kung magpapahiram.

(Pagpalit ng tablet)

Artikulo 9　Kung kinakailangan, ang tablet na pinahiram sa tagagamit (nakasaad bilang

"tagagamit" sa ibaba) ng punong-guro ay papalitan alinsunod sa Artikulo 2.

(Pamamahala ng tablet)

Artikulo 10 Kinakailangang gamitin ng tagagamit ang pinahiram na tablet ng may lubusang pag-iingat.

2 Hindi maaaring gawin ng tagagamit ang mga sumusunod.

(1) Ipagamit o ipalit ng tagagamit ang pinahiram na tablet sa iba (maliban sa guro).
(2) Ibenta, itapon at sadyaing sirain ang tablet.
(3) Lagyan ng anumang palamuti. Ibalik ayon sa hiniram na kondisyon.
(4) Gamitin ang tablet maliban sa aktibidad ng paaralan.
(5) Magdulot ng panganib sa iba tuwing gagamitin ang tablet.
(6) Mag-install ng anumang software (application) ng walang pahintulot ng punong-guro.
(7) Gumawa ng taliwas sa napagpasyahan ng punong-guro na paggamit sa tablet.
(8) Gamitin sa ibang layunin maliban sa pag-aaral.

3 Kinakailangan sundin ng tagagamit ang patnubay na ibibigay ng Kani City Board of Education (nakasaad bilang "City Board of Education" sa ibaba) at ng punong-guro.

(Mahigpit na Paalala)

Artikulo 11 Maliban sa mga nabanggit, kinakailangang sundin ng tagagamit ang mga sumusunod.

(1)Ang pagpadala at pagtanggap ng data ay responsibilidad ng tagagamit.

(Mga gastusin sa charger at data)

Artikulo 12 Sagot ng tagagamit ang mga gastusin sa paggamit ng tablet tulad ng mga sumusunod.

(1) Bayarin sa kuryente sa pag-charge ng tablet sa labas ng paaralan.
(2) Mga bayarin sa paggamit ng internet (data) sa labas ng paaralan.

(Abiso kung nanakaw, nasira o nawala)

Artikulo 13 Ipaalam agad ng tagagamit sa paaralan at magsumite ng report (pangalawang form) sa punong-guro kung nanakaw, nasira o nawala ang tablet.

2 Kung ninakaw ito, ireport ito sa pulisya. Kung hindi mahanap ito sa loob ng isang linggo, magpapahiram ng lungsod ng kapalit.

(Pagbayad sa mga pinsala)

Artikulo 14 Sagot ng tagagamit ang mga bayarin kung nagdulot ng pinsala sa iba o sa lungsod gamit ang tablet.

2 Hindi sagot ng lungsod ang anumang aksidente tulad ng kusang pagpakalat ng personal na impormasyon o napabayaan ng tagagamit.

3 Ang mga sumusunod ay sagot ng lungsod.

(1)Nasira (kusang nasira) dahil sa mga depekto sa mga materyales o pagmamanupaktura sa kabila ng normal na paggamit alinsunod sa mga regulasyon

(2)Nasira (pinsalang pagkasira) tulad ng hindi gumagana nang maayos sa panlabas gaya ng nasira, sumabog, nagka-mantsa, tagas ng tubig (pagkalubog sa tubig).

4 Sagot ng tagagamit ang gastos kahit ito ay kusang nasira/ kung naaayon alinman sa mga sumusunod. Gayunpaman, ang mga pangyayari sa oras ng mga gawaing pang-edukasyon na tinukoy sa mga klase at paaralan ay pagpapasyahan pagkatapos isaalang-alang ang pangyayari.

(1)Sinadyang pagsira o matinding kapabayaan ng tagagamit.

(2)Kapag ang sanhi ay mataas na temperatura.

(3)Pinsala na dulot ng paggamit ng sa mga lugar na may maraming alikabok, usok, mataas na temperatura, mabilis na pagbabago ng temperatura, malapit sa mga magnet, speaker, o iba pang magnetic source.

(4)Kung nawala, nakalimutan saan nailagay, o iba pang mga dahilan, at hindi alam kung saan ito (Maliban kung nawala ang tablet dahil ninakaw)

**(Pagkansela sa pagpapahiram)**

Artikulo 15 Kahit alinsunod sa Artikulo 6, maaaring ikansela ang pagpapahiram kung mangyayari ang mga sumusunod.

(1) Hindi pumapasok sa paaralan ng walang dahilan at lumagpas sa panahon na tinukoy ng punong-guro.

(2) Lilipat ng paaralan ang tagagamit.

(3) Paglabag ng tagagamit sa mga regulasyon Artikulo 10 at Artikulo 11

(4)Iba pang mahalagang dahilan gaya ng regular na inspeksyon sa paggamit

**(Pagsasauli ng tablet)**

Artikulo 16 Kailangang isauli ng tagahiram hanggang matapos ang panahon sa pagpapahiram ng tablet.

2 Alinsunod sa probisyon ng unang Artikulo sa pagkansela ng papahiram, kailangan isauli ng tagagamit hanggang sa araw na itinakda ng punong-guro.

3 Alinsunod sa regulasyon sa 2, Kung hindi ito isasauli hanggang sa araw na itinakda ng punong-guro, kailangang bayaran ang halaga ng tablet.

4 Bilang regulasyon sa talata 1 o 2, kung naibalik ang tablet, susuriin ito ng punong-guro ayon sa return confirmation check card (pangatlong form) upang makumpirma kung gumagana ang tablet at kung walang nasirang bahagi.

**(Guarantor)**

Artikulo 17 Alinsunod sa probisyon mula Artikulo 12 hanggang 14, obligasyon ng magulang na tiyakin ang mga nabanggit na responsibilidad.

（Administratibong pamamaraan）

Artikulo 18　Ang pamamahala sa pagpapahiram ng tablet ay maaaring gawin ng taong itinalaga ng punong-guro.

（Iba pa）

Artikulo 19　Maaaring magpatupad ng karagdagang alituntunin ang Kani City Board of Education kung kinakailangan.

Karagdagang probisyon

1 Ipapatupad ang mga nabanggit na regulasyon mula ika-10 ng Mayo taong 2021.

2 Ipapatupad ang mga nabanggit na regulasyon mula ika-10 ng Abril taong 2023. (revised)

3 Ipapatupad ang mga nabanggit na regulasyon mula ika-1ng Mayo taong 2025. (revised)